JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 1:
## Pagbibigay ng Wakas sa Binasang Kuwento



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________

**Filipino – Ikatlong Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagbibigay ng Wakas sa Binasang Kuwento**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Ma. Janice L. Adanza | |
| **Editor/ Tagasuri:** | Arnie P. Taclap/ Riela Angela C. Josol | |
| **Tagalapat:** | Glyna A. Mabbagu | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent | |
| | Lourma I. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | - Education Program Supervisor- Filipino |
| | Bernie P. Laranjo | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# *Alamin*

Mga Pamantayan sa Pagkatuto:

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

- Nakapagbibigay ng wakas sa binasang kuwento. **(F3PB-Ih-14)**

# Modyul 1

# Pagbibigay ng Wakas sa Binasang Kuwento



## *Balikan*

Bilang pagbabalik-tanaw, sagutan ang tanong na nasa ibaba.

1. Ito ay bahagi ng kuwento kung saan naganap ang mga pangyayari.

   Sagot:__________________

2. Ano ang tawag sa mga tauhan ng kuwento?

   Sagot: ________________

3. Ito ay ang mga pangyayari sa kuwento.

   Sagot: ________________

## *Tuklasin*

**Basahin nang tahimik ang talata.**

Maagang gumising si Ana. Pagkatapos niyang iligpit ang kanyang higaan ay naligo siya. Dali daling nanaog nang makabihis at sabik na sabik na sumilip sa hapag kainan. Ang kanyang nanay ay nagluluto ng mga masasarap na pagkain. Ang kanyang ate ay naglilinis sa buong bahay samantalang ang kanyang kuya at tatay ay may ginagawa sa labas. Tinawag siya ng kanyang nanay para tumulong sa kanyang ate.

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang nangyari sa kuwento?
2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?
3. Ano kaya ang mahalagang pangyayari sa araw na iyon? Bakit mo nasabi ito?
4. Anong pagdiriwang ang pinakagusto mo? Bakit gusto mo ito?
5. Anong karanasan ang di mo malimutan na ginawa ng iyong pamilya? Masaya ba kayo? Bakit?



## *Suriin*

Basahin ang maikling kuwento.

**Limang Tulog**

ni: Florenda B. Cardinoza

Limang tulog na lang. Nasasabik na ako.Mamamasyal kami sa Maynila. Naisip ko tuloy ang mga naglalakihang gusali. Ang maiingay na busina ng mga sasakyan at mga taong parang langgam sa dami at bilis ng lakad.

Naisip ko rin ang mga bibilhin kong gamit sa paaralan. Kailangan ko ng lapis, ruler, kuwaderno, bag, at sapatos. Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako.


Kinabukasan maaga akong nagising. Ang sakit ng ulo ko. Giniginaw rin ako. Paano na ako makasasama sa Maynila?

Pagpasok ni Nanay, may dala siyang isang basang bimpo at gamot.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang hula mo sa wakas ng kuwento?
   Sagot:______________________________________________
2. Bakit nasasabik si Flor?
   Sagot: ______________________________________________
3. Ano ang nangyari kay Flor?
   Sagot:______________________________________________
4. Sa palagay mo, nakasama kaya siya? Bakit mo nasabi?
   Sagot:______________________________________________
5. Ano ang gagawin mo kung hindi ka makakasama dahil may sakit ka?
   Sagot:______________________________________________


*Sa pagbibigay ng wakas ng isang kuwento o sitwasyon ay maaari kang magbigay ng sarili mong saloobin batay sa tunay na karanasan o sa iyong sariling opinyon. Maaari din itong nakakatawa, nakakalungkot, o nakakatakot depende sa iyong imahinasyon.*



## *Pagyamanin*

**A. Panuto:** Suriing mabuti ang mga larawan at gumawa ng kuwento batay dito.

1. 

2. 

**B. Panuto:** Batay sa iyong pang-unawa, ano ang maaaring maging wakas sa sumusunod na sitwasyon.

1. Si Celia ay may sakit. Palagi siyang nahihilo at walang ganang kumain.Nag-aalala na ang kanyang mga magulang.

Sagot:________________________________________________

____________________________________________________

2. Si Pinky ay may nakatakdang pasulit na ibinigay ng guro. Hindi siya nakapag-aral at wala siyang maisulat na sagot. Napuyat siya dahil sa paglalaro ng computer games.

Sagot:________________________________________________

____________________________________________________

3. Inutusan si Ana ng kanyang ina na maglinis ng kanilang bakuran bago umalis ang kanyang nanay. Ngunit nakalimutan niya ang habilin nito.

Sagot:________________________________________________

____________________________________________________

4. Matalinong bata si Angelo. Palagi siyang nangunguna sa kanilang klase.

Sagot:________________________________________________

____________________________________________________



## *Isaisip*

Tandaan na sa pagbibigay ng wakas ng isang kuwento o sitwasyon ay maaari kang magbigay ng sarili mong saloobin batay sa tunay na karanasan o sa iyong sariling opinyon. Maaari din itong nakakatawa, nakakalungkot, o nakakatakot depende sa iyong imahinasyon.



## *Tayahin*

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na pangyayari at ibigay ang kaukulang wakas ng mga ito.

1. Isang gabi habang naglalakad si Jin sa madilim na iskinita pauwi ay may narinig siyang kaluskos sa may basurahan. Habang papalapit na siya ay biglang

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Tuwang-tuwa ang mga kaklase ni Yunho sa magandang balitang natanggap nila. Binati siya ng kanyang mga guro at kaklase.

______________________________________________________________

______________________________________________________________


3. Kumakain ng saging ang batang lalaki at tinapon lang niya sa tabi ang balat nito. Dumaan naman ang isang bata at

______________________________________________________________

______________________________________________________________

4. Mahilig sumayaw si Jeon at palagi siyang pinasali ng kanyang mga kaibigan sa mga timpalak ng sayawan. May darating na palatuntunan sa kanilang paaralan at bawat grado ay kailangan mayroong presentasyon.

5. Labasan na ng mga bata sa paaralan nang biglang bumuhos ang malakas na ulan. Hindi nakadala ng payong si Mary at basang basa siya nang makarating sa kanilang bahay. Hindi siya agad nakapagpalit ng damit. Kinagabihan, nanginginig ang kanyang buong katawan at siya ay



## *Karagdagang Gawain*

**Basahing mabuti ang sitwasyon at ibigay ang sariling wakas nito.**

Namasyal ang magkakaibigang Rino at Lito. Nagpasya silang manood ng sine. Papasok na sila sa sinehan nang mapansin ni Lito na nawawala ang kanyang pitaka.

## *Susi sa Pagwawasto*

***Balikan***
1. Tagpuan
2. Karakter
3. Pangyayari

***Tuklasin***
1. Naglilinis ang buong pamilya.
2. Ana, Nanay, Tatay at Kuya
3. Pista/Handaan. Dahil may maraming inihandang pagkain.
4. Pasko, kasi may mga regalo akong matatanggap. (Ang mga sagot ay depende sa sagot ng mga bata)
5. (Iba iba ang mga sagot ng mga bata.)

***Suriin***
1. Nagkasakit si Flor.
2. Dahil makakapunta na siya sa Maynila.
3. Nilalagnat/Nagkasakit si Flor.
4. Hindi, kasi may sakit siya.
5. Iinom ng gamot at magpapahinga o magpapagaling sa bahay.

***Pagyamanin***

**A.** (Ang mga sagot ay depende sa mga bata.) 1-2

**B.**
1. Dadalhin siya ng kanyang mga magulang sa doktor para gamutin.
2. Hindi nakasagot sa pasulit si Pinky at bagsak ang kanyang marka.
3. Pag-uwi ng kanyang nanay ay napagalitan/napagsabihan si Ana.
4. Sa pagtatapos ng markahan ay naparangalan si Angelo ng kanyang guro.

***Tayahin***
1. Lumabas ang isang pusa at siya ay napasigaw.
2. Masayang masaya si Yunho dahil nanalo siya sa paligsahan.
3. Nadulas ito at nasaktan at siya ay umiyak.

# *Sanggunian*

www.google.com
https://kwadernonikuyakim.wordpress.com/2013/12/10/pasko-noon-at-ngayon/
https://www.wattpad.com/2400700-guro-sa-makabagong-henerasyon